Republika ng Pilipinas
Lalawigan ng Laguna
BAYAN NG SANTA CRUZ

714
10-22-10

# TANGGAPAN NG SANGGUNIANG BAYAN

SINIPI SA KATITIKAN NG KARANIWANG PULONG NG KAGALANG-GALANG SANGGUNIANG BAYAN NG SANTA CRUZ, LALAWIGAN NG LAGUNA NA IDINAOS SA BATASANG BAYAN, GUSALING ESCOLAPIA NOONG OKTUBRE 18, 2010, ARAW NG LUNES, SA GANAP NA IKA-10:00 NG UMAGA.

DUMALO:

| | | |
|---|---|---|
| Kagalang-galang LOUIE C. DE LEON | ... | PANG. PUNONG BAYAN Tagapangulo |
| Kagalang-galang Florencio C. Odejar | ... | Kagawad |
| Kagalang-galang Rizaldy N. Kalaw | ... | Kagawad |
| Kagalang-galang Laarni A. Malibiran | ... | Kagawad |
| Kagalang-galang Laura P. Obligacion | ... | Kagawad |
| Kagalang-galang Rolando Moises E. Acapulco | ... | Kagawad |
| Kagalang-galang Serafin C. San Juan, Jr. | ... | Kagawad |
| Kagalang-galang John Carlos C. delos Reyes | ... | Kagawad – Pangulo / Sang. Kabataan |
| Kagalang-galang Isagani R. Malapaya | ... | Kagawad – Pangulo /Liga ng mga Barangay |

DI-DUMALO:

| | | |
|---|---|---|
| Kagalang-galang Ramon D. Tan | ... | Kagawad – nagpaalam |
| Kagalang-galang Jun M. Asinas | ... | Kagawad – may karamdaman |

**KAPASIYAHAN BLG. 181 - T2010**

**KAPASIYAHANG PINAGTITIBAY ANG KARAGDAGANG BADYET BLG. 4 NG BARANGAY GATID NA NAGKAKAHALAGA NG DALAWANG DAAN DALAWAMPU'T SIYAM NA LIBO ISANG DAAN SIYAMNAPU'T ANIM NA PISO AT TATLUMPU'T DALAWANG SENTIMOS (Php229,196.32) MULA SA EXCESS INTERNAL REVENUE ALLOTMENT (IRA) MULA HULYO HANGGANG OKTUBRE 2010 UPANG ILAAN SA 20% DEVELOPMENT FUND - CLEAN AND GREEN (Php45,839.26); 10% SK FUND (Php22,919.63); 5% CALAMITY FUND (Php11,459.82); PAGBILI NG GAMOT (Php121,477.61); AT CASH GIFT – SANGGUNIANG BARANGAY (Php27,500.00) NG NABANGGIT NA BARANGAY.**

**SAPAGKA'T,** iniharap at tinalakay ng sangguniang ito ang Karagdagang Badyet Blg. 4 ng Barangay ng Gatid sa bisa ng Kapasiyahan Blg. 94-T2010 / Kautusan Blg. 5-T2010 na nagpapatibay ng halagang Php229,196.32 mula sa Excess IRA mula Hulyo hanggang Oktubre 2010 upang ilaan sa 20% development fund - Clean and Green (Php45,839.26); 10% SK fund (Php22,919.63); 5% Calamity Fund (Php11,459.82); pagbili ng gamot (Php121,477.61); at Cash Gift (Php27,500.00) ng nabanggit na barangay.

**SAPAGKA'T,** ang nasabing kahilingan ay napaliwat sa Lupon sa Pananalapi para sa pag-aaral at pagsusuri;

**SAPAGKA'T,** matapos ang pagsusuri at pag-aaral ng mga kasapi ng naturang lupon sa paglilipat at paglalaan ng pondo ng nabanggit na barangay ay inirekomendang pagtibayin na ito.

**SAPAGKA'T,** lahat ng mga laang gugulin ng barangay ay itinatagubiling iayon sa mga alituntunin sa pagbabadyet, pagtutuos at pag-a-awdit.

**KUNG KAYA'T, DAHIL DITO,** sa mungkahi ng Kagalang-galang Kagawad Rizaldy N. Kalaw (Pang. Tagapamuno ng Lupon sa Pananalapi), na pinangalawahan ng mga Kagalang-galang Kagawad Serafin C. San Juan, Jr., John Carlos C. delos Reyes at Rolando Moises E. Acapulco at sa *buong pagsang-ayon at pagkakaisa* ng lahat na ngayo'y kaharap, ay

**PINAGPASIYAHANG:** Pagtibayin ang Karagdagang Badyet Blg. 4 ng Barangay Gatid na nagkakahalaga ng Php229,196.32 mula sa Excess IRA mula Hulyo hanggang Oktubre 2010 upang ilaan sa 20% development fund- Clean and Green (Php45,839.26); 10% SK fund (Php22,919.63); 5% Calamity Fund (Php11,459.82); pagbili ng gamot (Php121,477.61); at Cash Gift (Php27,500.00) ng nabanggit na barangay.

**INIUUTOS:** Na padalhan ng sipi ng kapasiyahang ito ang Kagalang-galang Punong Bayan, Pambayang Ingat-Yaman, Pambayang Pinuno sa Badyet, Pambayang Tagatuos at Sang. Barangay ng Gatid, lahat sa bayang ito, para sa kanilang kabatiran at kaukulang hakbang.

**PINAGTITIBAY.**

**PINATUTUNAYAN** kong tumpak at wasto ang nasasaad sa kapasiyahang ito.

**JEANETTE P. ALFONSO**
Kalihim

NAGPATOTOO: **LOUIE C. DE LEON**
Pang. Punong Bayan
Tagapangulo

NAGPATOTOO:

**INHR. DOMINGO G. PANGANIBAN**
Punong Bayan